(Mga Karaniwang Katanungan) para sa Mga Tiny Homes (Maliliit na Bahay)

Ano ng Tiny Homes?

Ang Tiny Homes ay ang mga makabago, abot-kaya at na-aangkop na solusyon sa kawalan ng tahanan. Kumpara sa mga tradisyonal na mga shelter o proyekto ng abot-kayang pabahay, ang Tiny Homes ay ginagawa sa loob ng madaling panahon, maliit na gastos, mabilis gawin, at madaling itayo. Ang Tiny Homes ay hindi magkakadikit, kung saan ang bawat kalahok ay mayroong takdang pribadong espasyo.

Bakit ipinapatupad ng Lungsod ang modelo ng Tiny Homes?

Ang Long Beach ay humaharap sa isang krisis ng kawalang ng tahanan, na may mahigit sa 2,000 na dumaranas ng walang kublihan na kawalan ng tahanan. Nagbibigay ang Tiny Homes ng isang pagkakataon na palakihin ang kapasidad ng shelter bed at iba pang mga uri ng panandaliang pabahay. Ilang mga modelo ng serbisyo ay hind nakakamit ang mga indibidwal na mga pangangailangang ng mga taong dumaranas ng kawalan ng tahanan. Para matiyak na ating nakakamit itong mga pangangailangan, kritikal na magalok tayo ng saklaw ng mga pagpipiliina ng mga pansamantalang pabahay at shelter.

Ano ang sinasakop ng Programa ng Tiny Home ng Lungsod ng Long Beach?

Ang Programa ng Long Beach Tiny Home shelter ay magbibigay ng 33 na modular na di magkakadikit na unit ng tirahan para sa mga adultong walang bahay, na uunahin ang mga taong palaging walang tahanan, o mga tao na isang taon o mahigit na dumaranas ng kawalan ng tahanan at may kapansanan. Anim na unit ay mayroong access sa may kapansanan sa paggalaw, pagdinig, paningin.

Bawat unit ay mayroong:

- Pribadong banyo at shower
- Kama at lugar ng imbakan
- Heater at Air Con
- Tubig, koryente, at imburnal
- Sistema sa pagpigil ng sunog, kasama amga sprinklers at mga materyales laban sa apoy

Kasama sa karaniwang lugar ay ang ilaw, bakod, kontrolado ng estasyon ng seguridad, opisina para sa mga namamahala ng kaso at serbisyo, kusina at espasyo ng pagtitipon para sa pagkain, paradahan at lagayan ng bisikleta, pag-alaga ng mga hayop at bukas na espasyo.

Saang lokasyon itatayo ang sityo ng Programa

Ang sityo ng Programa ay sa bakanteng lote sa timog hilagang kantao ng East Spring at Calfornia Avenue.

Bakit pinili itong lokasyon para sa Tiny Homes?

Ang bakanteng lote sa East Spring ng California Avenue ay pag-aari ng Lungsod, sinemento at pinatag, na nagbabawas sa oras at mga pagkukunan na kailangan. Mas malaki ito kaysa sa Multi-Service Center (MSC), na nagpaphintulot ng mga karagdagang amenities at malapit sa mga imprastuktura ng utilities. Ang lote din ay na sa lugar na may mas kaunting pasilidad ng serbisyo ng kawalan ng tahahan, na nagdadagdag ng pagkapantaypantay sa heyograpiya at ang patuloy na pangako ng Lungsod sa pagunlad ng mga serbisyo sa buong Lungsod.

Anong mga serbisyo ang iaalok sa komunidad ng Tiny Home na shelter?

Mag-aalok ng 33 na modular unit na di magkakadikit ang Komunidad ng Tiny Home Shelter ng Lungsod ng Long Beach at mga kalahok sa programa ay mabibigyan ng:

- 24/7 seguridad and superbisyon ng residensya
- Pribadong espasyo sa loob ng seguradong komunidad ng mga kasamahan
- Tatlong kainain bawat araw
- Pamamahala ng Kason na inangkop sa plano ng pabahay
- Koneksyon sa permanenteng pabahay
- Lugar ng pagtitipon para sa lahat
- Sakakyan
- Koneksyon sa mga serbisyo ng suporta tulad ng mga serbisyo ng kalusugang pisikal at kaisipan, paggamot sa paggamit ng substance, training sa trabaho, pagsali sa mga benepisyo, mga basikong pangangailangan.

Habang ang layunin ng pansamantalang pabahay ay ang paglipat ng indibidwal sa permanenteng pabahay sa loob ng 90 na araw, walang takdang haba sa pagtira.

Anu-ano ang mga matagumpay na halimbawa ng mga komunidad ng Tiny Home Shelter communities?

Ang Tiny Homes ay isang lumalagong kilusan sa buong nasyon, lalo na dito sa California kung saan ang presyo ng pagpapatayo ay mahal. Mga komunidad ng Tiny Home ay maaaring mahanap sa buong Southern California, kasama ang mga proyekto sa Riverside, Torrance at ang Lungsod ng Los Angeles, na may operasyon sa anim na komunidad.

Paano ma-access ng mga tao ang Programa?

Ang Long Beach Tiny Home Shelter Community ay pagsisilbihan ang mga adultong dumaranas ng kawalan ng bahay, uunahin ang mga taong dumaranas ng pang matagalang kawalan ng tahanan. Mga kalahok ay mangangailangan ng reperal mula sa MSC, Outreach Teams, o ang Mobile Access Center (MAC). Hindi pinapayagan ang mga pagpunta sa sityo.

Paano pinopondohan ang Proyekto?

Ang pangunahing pagkukunan ng pondo para sa Komunidad ng Tiny Home Shelter na ito ay ang State's Homekey Program Round 2. Nuong Hunyo 2022, pinagkalooban ang Lungsod ng $5,616,752 ng pondo ng kaloob para sa proyekto. Mga karagdagang pondo ay kakailanganin habang nililinaw ang gastos ng konstruksyon. Mga patuloy na operasyon ay popondohan sa pamamagitan ng State's Homeless Housing, Assistance, at Prevention (HHAP) Program.

Sino ang magpapatakbo ng Komunidad ng Tiny Home Shelter?

Kokontratahin ng Lungsod ang isang provider ng serbisyo ng shelter na may karanasan para patakbuhin ang programa, kasama ang mga pagbigay ng serbisyo ng pagsuporta at pamamahala ng ari-arian. Sa darating na mga buwan, ang Lungsod ay magpopost ng Hiling sa Panukala o Request for Proposals (RFP), na maaaring ma-access sa pamamagitan ng plataporma ng Long Beach Buys. https://longbeachbuys.buyspeed.com/bso.

Gaano katagal ang operasyon ng sityo ng komunidad ng Tiny Home shelter?

Ang sityo ng komunidad ng Tiny Home Shelter sa kanto ng East Spring at California Avenue ay patatakbuhin ng may minimum na 15 na taon, bilang tagubilin ng Homekey Program. Kapag nakompleto na ang pangangailangan para sa mga Tiny Home shelters, at ang 15 na taon na pananagutan ay natupad na, balak ng Lungsod na lumipat na ng permanente ang siyo sa isang espasyo ng park, na isasali ito Willow Springs Park. Ang Tiny Home shelters, na binigyan ng rangko na magtatagal ng 50 na taon, ay lilipat sa bagong lokasyon.

Ano ang mga susunod na hakbang sa pagpapatupad nitong Programa?

Ang buong pagpapatupad ng proyekto ay nakasalalay sa pagsangayon ng California Department of Housing and Community Development, ang pangunahing tagapondo nitong programa. Patuloy ang lungsod sa pakikilahok at pagbalita sa mga nangangasiwa tungkol sa mga proyekto. Susuriin ng staff at susulong na may mga kailangan na disenyo, permit at ang pangongontrata para maipatupad ang pagpapaayos at pagtayo ng sityo. Kuna aprubahan, tinatantya ng City Staff na makolompleto ang proyekto sa unang bahagi ng 2025.